Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

****

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 152

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

****

KAPASIYAHAN BLG. 524
Serye ng 2024

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PUGAY KAY JUAN EDGARDO "SONNY" M. ANGARA BILANG BAGONG ITINALAGANG KALIHIM NG EDUKASYON

MGA MAY AKDA:

HON. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL

at

HON. ERNESTO C. ISIP, JR.
Punong Mayorya

SAPAGKAT, si Juan Edgardo "Sonny" M. Angara ay ipinanganak noong ika-15 ng Hulyo taong 1972 sa Siyudad ng Maynila kay dating Senate President Edgardo Angara at Ginang Gloria Manalang-Angara;

SAPAGKAT, si Sonny Angara ay nakapagtapos ng Bachelor of Science in Economics (International Relations) bilang Second Class Honours sa London School of Economics and Political Science noong 1994, Bachelor of Laws sa Unibersidad ng Pilipinas noong 2000 at Master of Laws sa Harvard University noong 2003;

SAPAGKAT, si Sonny Angara ay nagsilbi bilang Kinatawan ng Aurora Province mula 2004 hanggang 2013 at Senador noong 2013 hanggang siya ay nagbitiw bilang Senador noong ika-18 ng Hunyo 2024 at nakapagtala na mahigit tatlong daan at tatlumpung (330) batas sa kanyang labingwalong (18) taong paninilbihan bilang isang mambabatas;

SAPAGKAT, si Sonny Angara ay itinalaga ni Pangulong Ferdinand Marcos, Jr. bilang Kalihim ng Edukasyon noong ika-2 ng Hunyo 2024 at nanumpa noong ika-19 ng Hunyo 2024;

SAPAGKAT, si Sonny Angara ay nagpakita ng matibay na dedikasyon sa sektor ng edukasyon. Siya ay nagsulong ng mga polisiya at programa upang magkaroon ng oportunidad ang mga Pilipino sa isang dekalidad na edukasyon;

SAPAGKAT, si Sonny Angara ay nagpakita ng hindi matutumbasang pagmamahal at adbokasiya para sa mga Pilipinong mag-aaral. Siya ang may-akda ng Free Kindergarten Law noong 2011, Enhanced Basic Education Act of 2013 at Universal Access to Quality Tertiary Education Act noong 2017;

SAPAGKAT, ang pamumuno at pananaw ni Sonny Angara bilang Kalihim ng Edukasyon ay nawa'y maghatid ng magandang progreso sa sistema ng edukasyon at makapagdala ng isang maayos at mataas na kalidad na edukasyon sa Pilipinas: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagbibigay-pugay kay Juan Edgardo "Sonny" M. Angara bilang bagong Kalihim ng Edukasyon; at MANGYARING MULI

IPASIYA, na ang sipi ng Kapasiyahan na ito ay ipamahagi sa Punong Himpilan ng Kagawaran ng Edukasyon.

PINAMUNUAN NI:

JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto 2024.

PINATUNAYAN:

LUCH R. GEMPIS, JR.
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

JMG/RRB: acl/jok/cpf/hpr/jrp